



# Ang dapat ninyo malaman tungkol sa COVID-19 vaccine

Marso 2021

Ang Coronavirus disease 2019 (COVID-19) vaccine ay makakatulong sa ating lahat na labanan ang COVID-19. Maaring mayroon kayong ilang mga alalahanin tungkol sa vaccine, o maaring may narinig kayong impormasyon at hindi kayo sigurado kung totoo ito. Ibibigay namin dito ang mga sagot sa mga pinaka-karaniwang katanungan tungkol sa COVID-19 vaccine.

## Paano namin malalaman kung ang bakuna ay ligtas at hindi minadali?

Tulad ng lahat ng ibang mga gamot na ginagamit sa Canada, na-test ng Health Canada ang COVID-19 vaccine at napatunayan nito na ang vaccine ay ligtas at mabisa. Ito ang kaisa-isang pagkakaiba -- ang mga test at clinical trials (mga klinikal na pagsusubok) na ginawa sa COVID-19 vaccine ay tinapos nang mas mabilis upang mas maagang matulungan ang mga tao. Batay sa mga resulta ng mga test ng Health Canada, inaprubahan ng Pamahalaan ng Canada ang paggamit ng COVID-19 vaccine sa mga taong 16-taong-gulang at mas matanda (kung sila'y nasa mabuting kalusugan at maaring mabakunahan).

## Maari ba akong magkasakit ng COVID-19 dahil sa vaccine?

Ang vaccine ay hindi isang live virus. Hindi kayo magkakasakit ng COVID-19 dahil dito.

## Oras na nakuha ko na ang vaccine, ako ba ay magiging lubos na immune sa COVID-19?

Walang vaccine ang 100% na mabisa sa paghadlang ng sakit. Nangangailangan ng panahon para makapagtatag ng immunity ang inyong katawan, kaya't mangangailangan kayo ng dalawang dosis ng vaccine. Ang mga vaccine ay mga 94% hanggang 95% na mabisa sa paghadlang ng COVID-19. Ang inyong katawan ay magkakaroon ng pinakamataas na level ng immunity sa loob ng dalawang linggo pagkatapos ng inyong pangalawang dosis. Kahit na nakuha na ninyo ang dalawang dosis, kailangan pa rin ninyo sundin ang lahat ng safety measures (mga patakaran sa kaligtasan) upang protektahan ang inyong sarili at ang iba laban sa COVID-19, tulad ng pagsuot ng angkop na personal protective equipment (PPE), paghugas ng inyong mga kamay, at pagpraktis ng physical distancing.

**Mapanganib ba ang side effects (masasamang epekto) ng bakuna?** Ang malubhang side effects mula sa vaccine ay bihirang-bihira.

- Mga 90 sa bawat 100 katao ang hindi nakakaranas ng anumang side effects.
- Mga 10 sa bawat 100 katao ang nakakaranas ng banayad na side effects, tulad ng pangingirot sa lugar kung saan sila nabakunahan.

Ang side effects na ito ay inaasahang mangyari at hindi sila malubha; ang side effects ay mas malamang na mangyayari pagkatapos ng inyong pangalawang dosis ng bakuna. Ang mga allergic na reaksiyon ay bihirang-bihirang nangyayari. Ito ay totoo para sa anumang bakuna.

## Ang COVID-19 vaccine ay gumagamit ng mRNA technology. Maari ba nitong baguhin ang aking DNA?

Ang COVID-19 vaccine ay gumagamit ng paraan na tinatawag na "messenger RNA" (mRNA). Ang mRNA ay parang code na nag-uutos sa cells (mga selula) ng inyong katawan na gumawa ng piraso ng panlabas na lining ng COVID virus para sa maikling panahon. Hindi kayo masasaktan ng piraso ng virus na ito, pero sapat na ito para matutunan ng inyong immune system na makilala ang virus at maging handa na labanan ito. Ang inyong DNA ay hindi kayang baguhin ng mRNA na nasa vaccine.

## Kung dati akong nagkasakit ng COVID-19, kailangan ko bang magpabakuna, o immune na ba ako?

Kahit na gumaling na kayo mula sa COVID-19, hinihikayat pa rin kayong magpabakuna upang masigurado na kayo'y protektado nang husto.

## Makagagawa ba ng pagkakaiba kung nagpabakuna ako? Kailangan ko pa rin bang sundin ang lahat ng mga patakaran ng public health (pampublikong kalusugan)?

Kapag kayo'y nagpabakuna, tinutulungan ninyong protektahan ang inyong sarili, ang inyong mga minamahal sa buhay, at ang inyong komunidad mula sa sakit. Kung ang lahat ng mga tao ay nagpabakuna, makapagliligtas ito ng mga buhay, at makakatulong ito sa Canada na maka-recover mula sa COVID-19 pandemic. Kapag mas maraming mga tao ang nababakunahan, malamang na dahan-dahang mawawala ang mga patakaran ng public health, tulad ng physical distancing.

kayong kausapin ang inyong doktor.